

# Paggamit ng FIT

(Fecal Immunochemical Test)
Mga tagubilin para sa pagkolekta
Walang kinakailangang paghihigpit sa pagkain o paghahanda
Kapag handa ka na...


Ibalik ang nakumpletong sample sa loob ng 7 araw. Dalhin din ang iyong lab requisition form kapag dadalhin mo na ang iyong sample sa lab.





1. Tiyakin na ang iyong pangalan ay nakasulat sa bote.
2. Isulat ang petsa sa bote.




3. Buksan ang tissue paper at ilagay ito sa ibabaw ng tubig sa toilet bowl (tingnan ang kabilang pahina para sa iba pang pamamaraan).




4. Dumumi sa ibabaw ng papel (tissue paper) na pangkolekta.





5. Buksan ang takip ng bote sa pamamagitan ng pagpihit at pag-angat nito (twisting & lifting).




6. Kolektahin ang sample ng dumi gamit  ang stick, hanggang sa grooved na bahagi lamang ng stick ang dapat may dumi (stool).





7. Kaunting sample lamang ng dumi ang kailangan. Tiyakin na ang grooved na bahagi lamang ng dulo ng stick ang sakop nito.




8. Ipasok ulit ang stick sa loob ng bote at i-click upang maisarado ang takip. Huwag muling buksan ang bote. I-flush ang toilet at magsabon ng iyong mga kamay.



9. Ilagay lamang ang bote sa loob ng zip-lock bag. Huwag ilagay ang anumang bagay sa loob ng zip-lock bag. Kung ang bag ay may outer pocket, ilagay ang form ng iyong lab requisition dito upang matiyak na nakalakip ito sa sample.




10. Itabi ang nakumpletong sample sa loob ng refrigerator, pero hindi sa freezer, hanggang sa ang sample ay maibalik sa lab (sa loob ng 7 araw). Huwag hayaan ang sample na mag-freeze o mainitan masyado.

Ang mga resulta ay maaaring magkamali kung:
- Sobrang dami ng dumi (stool) ang nakolekta
- Ang sample ay nag-freeze o nainitan masyado
- Ang sample ay nalagyan ng tubig o ihi sa toilet
- Ang sample ay naibalik lamang makalipas ang 7 araw

FIT Instructions courtesy of BC Cancer
Version: April 2021

Tingnan sa kabilang pahina…

# Mga Madalas na Katanungan Tungkol sa Kit

## Gaano karaming dumi (stool) ang kailangan kong kolektahin?

Kailangan lamang ng isang maliit na bahagi ng dumi. Tiyakin na tanging ang grooved na bahagi lamang sa dulo ng stick ang sakop.

Kung sobrang dumi ang nakolekta, ang iyong resulta ay maaaring magkamali at kailangan mong ulitin ang test.

## Ano ang dapat kong gawin kung ang sample ng dumi ay nalagyan ng ihi o ng tubig sa toilet bowl?

Ang sample ay magiging kontaminado. Mangyaring magtungo sa lab upang humingi ng isang bagong test kit.

Tip: Umihi muna, i-flush ang toilet at pagkatapos ay ilagay ang tissue paper sa ibabaw ng tubig sa toilet bowl.

## Iba pang mga paraan ng pagkolekta / Paano ko mapapanatili na hindi malagyan ng tubig ang dumi?

Ilagay ang tissue paper na kasama ng kit sa ibabaw ng tubig sa toilet bowl. Maaari mo ring lagyan ng ilang sapin ng toilet paper ang ibabaw ng tubig sa toilet bowl upang masuportahan ang dumi. Pwede kang maglagay ng karagdagang toilet paper o gamitin mo lamang ang tissue paper na kasama ng kit. Maaari mo ring kolektahin ang iyong dumi sa isang malinis na lalagyan, halimbawa, isang paper plate.

## Ang tissue paper ba na pangkolekta ng sample ay hindi makapipinsala ng sewer at septic system?

Ang tissue paper na pangkolekta ay biodegradable at di- makapipinsala ng mga septic system.

## Kailangan ko bang baguhin ang aking pagkain o ihinto ang anumang iniinom na gamot bago gawin ang test?

Hindi. Walang kinakailangang mga paghihigpit sa pagkain o mga pagbabago ng gamot para sa test na ito.

## Mayroon bang mga pagkakataon kung kailan hindi ko dapat gamitin ang test kit?

Kung may dugo sa iyong dumi, sumasakit ang tiyan, nagbago ang mga gawi sa pagdumi, o ‘di maipaliwanag na pagbaba ng timbang, siguraduhing nakausap tungkol dito ang iyong health care provider bago magkumpleto ng FIT. Kung may dugo sa iyong ihi, dapat mong kausapin ang iyong health care provider upang talakayin ang mga sintomas mo at matukoy ang tamang oras ng pagkumpleto ng FIT. Kung nireregla ka sa kasalukuyan, dapat kang maghintay na matapos ang regla bago gawin ang pag-test.

## Maaari ko bang kolektahin ang sample kung malambot o matigas ang aking dumi?

Ayos lang na kolektahin ang sample kahit nagtatae o matigas ang dumi. Kung ang pagtatae ay sanhi ng isang virus o pagkalason sa pagkain, maghintay na bumuti ang iyong pakiramdam bago gawin ang pag-test. Para sa matigas na dumi, ang paggamit ng isang malinis na disposable container ay maaaring padaliin ang pagkolekta ng iyong sample.

## Pwede bang ibalik ang test sa koreo sa pamamagitan ng Canada Post?

Hindi. Ang kit ay dapat ibalik mismo sa lab. Mayroong ilan espesipikong mga kinakailangan sa pagbabalik ng nakumpletong test.

## Mage-expire ba ang isang test kit na HINDI PA GAMIT?

Ang iyong collection container ay mayroong nakalagay na expiry date. Tiyakin na makumpleto ang iyong test bago mag-expire ang kit. Matapos na gamitin ang kit, dapat itong ma-analyze sa loob ng 7 araw.

## Ang bote ba na pangkolekta ng sample ay sadyang mayroong likido sa loob nito?

Oo, ang likido sa bote ay isang buffer solution at kinakailangan para sa pag-transport at pag-analyze ng iyong sample.

Maliban kung may pahintulot ng Branch ng British Columbia Cancer Agency, anumang pagpaparami, pagbago o pamamahagi ng mga tagubiling ito, sa kabuuan o bahagi, ay mahigpit na ipinagbabawal.



Tingnan sa kabilang